

Pang-reperensiyang Gabay

Walang Kailangang Coding
Sampol na Sukat – 0.5 µL
Oras ng Pagsusuri – 6 segundo.*
Memorya – 1865 Mga Resulta ng Pagsusuri

MAHALAGA: Tingnan ang iyong Gabay sa May-ari ng BGStar® para sa mas detalyadong bawat hakbang na gabay kung paano isagawa ang pagsusuri.

Sa iyong BGStar® System, maaari mong suriin ang glucose ng iyong dugo sa dulo ng iyong mga daliri, mga palad (puno ng hinlalaki) o mga braso (tingnan ang Gabay sa May-ari para sa eksaktong mga lokasyon).




Instrument

- 1) Display
- 2) CHECK Button
- 3) Backlight Button
- 4) PABABANG Simbolong Panturo na Button
- 5) PATAAS na Simbolong Panturo na Button
- 6) Strip Port



Test Strip

- 1) Mga Contact Bar
- 2) Visual Fill Window
- 3) Pansampol na Bahagi



Kasangkapang Pantusok

- 1) Hawakang Pangkasa
- 2) Pang-adjust na Dial ng Lalim
- 3) Window na Panukat ng Lalim
- 4) Pang-release na Button
- 5) Tasang Panghawak ng Lancet
- 6) Tasa ng Kasangkapang Pantusok
- 7) Takip sa Pagsusuri ng Alternatibong Bahagi ng Katawan
- 8) Lancet
- 9) Kober ng Lancet

*Karaniwang oras ng pagsusuri.

Mga Hakbang sa Pagsusuri ng Glucose ng Dugo

(Para sa kumpletong mga tagubilin, tingnan ang iyong Gabay sa May-ari ng BGStar®)

1 Ipasok ang test strip sa metro:

Ipasok ang test strip, na nakaharap pataas ang contact bar, sa test strip port.

BABALA: Upang matiyak ang tumpak na mga resulta, hugasan ang iyong kamay sa mainit-init, may sabong tubig at patuyuin bago ang bawat pagsusuri.



2 Tusukin ang bahagi ng katawan na susuriin:

Sumangguni sa mga tagubilin kung paano ihanda ang kasangkapang pantusok, sa kanan.


Iidiin ang kasangkapang pantusok sa bahagi ng katawan na tutusukin. Pindutin ang pang-release na button.



3 Kunin ang patak ng dugo:


Pahiran ang unang patak ng dugo na makikita gamit ang malinis na tissue at paper towel.

Pigain mula sa puno ng iyong daliri pataas patungo sa dulo, hanggang mabuo ang ikalawang kaunting patak ng dugo.




4 Dalhin ang test trip sa sampol ng dugo:

Ang test trip ang sisipsip ng dugo patungo sa test trip sa pamamagitan ng pansampol na bahagi.



5 Tanggalin ang Test Trip mula sa Sampol ng Dugo kapag nakakarinig ka ng beep:

Magbi-beep nang isang beses ang iyong metro, kapag kailangan mo nang tanggalin ang dulo ng test trip mula sa sampol ng dugo. Magpapahiwatig ang scrolling bar at ang 1-2-3 na kinakalkula ng metro ang iyong mga resulta.




Magiging kulay-pula ang buong visual fill window.



6 Huling mga Hakbang:


Nakumpleto na ang iyong pagsusuri kung ang resulta ng pagsusuri sa glucose ng iyong dugo ay maipapakita sa display. Ang pagpindot sa CHECK button ay magkukumpirma sa mealtime tag at hihinto ito sa pagkislakislap.

Tanggalin ang nagamit nang test trip. Awtomatikong ma-deaktiba ang nagamit nang test trip. Alisin ang takip mula sa kasangkapang pantusok. Ipalit ang kober ng lancet. Itapon nang maayos ang nagamit nang test trip at ang lancet.



Paghahanda ng Kasangkapang Pantusok


1 Tanggalin ang takip mula sa kasangkapang pantusok.




2 Ipasok nang mabuti ang bagong lancet sa tasang panghawak ng lancet.



3 Pilipitin pabukas ang kober ng lancet.



4 Ibalik ang takip ng kasangkapang pantusok.



5 Itakda ang lebel ng pagtutusok.



6 Hilahin ang hawakang pangkasa palabas hanggang mag-click ito.

